



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Hunyo 23, 2021

CONTACT: Tina Landis, 415.940.3585

Naghatid ang Air District ng mga air filtration unit para sa mga residente ng site ng transisyonal na pabahay ng Pier 94

Makakatulong ang mga unit na protektahan ang mga residente mula sa lokal na pagpaparumi sa hangin at mga wildfire sa hinaharap

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ang paghahatid ng mga air filtration unit para sa mga residente ng site ng transisyonal na pabahay ng Pier 94 sa kapitbahayan ng Bayview Hunters Point ng San Francisco.

Kasama sa site ang mahigit sa 120 RV trailer, at noong nakaraang taon, tinukoy ng Lungsod ng San Francisco na titira dito ang mga walang tirahan na residente para mas maprotektahan ang kalusugan ng publiko sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Posibleng makaapekto sa kalidad ng hangin malapit sa site ng pabahay ang mga pasilidad sa pag-recycle at pangangasiwa ng mga materyales na malapit dito.

“Nababahala ang Air District tungkol sa mga nakakasamang epekto ng polusyon ng particulate matter, partikular na sa mga residente ng Bay Area na pinakamadaling maaapektuhan,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Sa pakikipagtulungan sa Nagkakaisang Konseho para sa Mga Serbisyong Pantao (United Council for Human Services), magbibigay kami ng mga air filtration unit para sa lahat ng residente ng site ng transisyonal na pabahay ng Pier 94 para mas maprotektahan ang kanilang kalusugan.”

“Bilang kinatawan ng komunidad ng Bayview Hunters Point, alam ko ang mga hamon na kinakaharap ng mga residente pagdating sa kalidad ng hangin,” ayon kay Shamann Walton, miyembro ng Lupon ng Mga Direktor ng Air District (Air District Board of Directors) at pangulo ng Lupon ng Mga Tagapangasiwa ng San Francisco (San Francisco Board of Supervisors). “Kasama ang komunidad, aktibo kaming nagsisikap na tugunan ang hindi patas na problema sa pagpaparumi ng hangin na nakakaapekto sa mga residente ng Bayview Hunters Point.”

Para tumulong na matugunan ang pagkakalantad ng mga residente ng shelter sa particulate matter mula sa mga industriya sa malapit at pagkakaroon ng wildfire sa hinaharap, naghatid ang Air District ng mga air filtration unit at pamalit na filter sa United Council for Human Services para ipamahagi sa lahat ng residente ng site ng transisyonal na pabahay ng Pier 94. Gumagamit ang mga unit na ito ng high efficiency na teknolohiya ng hangin para sa particulate para makulong ang anumang particulate matter sa hangin sa loob ng mga trailer para maging malinis ito para sa mga residente. UCHS ang inatasang organisasyon sa pangangasiwa ng Pier 94 site at pagbibigay ng mga serbisyo sa mga residente nito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)